ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 12| Issue: 7| July 2026|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2026: 8.753 || ISI Value: 1.188

PANITIKANG LOKAL NG CALAMBA SA PAGTUTURO NG WIKA AT KULTURA SA PAGKATUTO NG MGA MAG-AARAL

Rodalyn Pantoja Mercado
Laguna State Polytechnic University Sta. Cruz Laguna 4009 Philippines

ABSTRAK

Ang pag-aaral na ito ay tumatalakay sa "Panitikang Lokal ng Calamba sa pagtuturo ng Wika at Kultura at sa Pagkatuto ng mga Mag-aaral". Layunin nito matukoy ang antas ng Panitikang Lokal ng Calamba batay sa bahagi ayon sa layunin, paksa, pagsasanay, pagtataya at repleksyon. Sumunod ay ang antas ng Panitikang Lokal ng Calamba batay sa katangian ayon sa kaangkupan, hikayat sa gamit, teknikal na pormat at disenyo. Sinuri rin rito ang antas ng pagtuturo ng wika at Kultura batay sa kasanayan sa wika, paggamit ng wika, paggamit ng lokal na wika, kontekstong kultural, pagkakakilanlan ng kulturang Pilipino at pagpapahalaga sa kultura. Layunin din nito na matukoy ang antas ng pagkatuto ng mga mag-aaral batay sa pagsusulit. Dagdag pa rito tinukoy rin ng pananaliksik na ito ang makabuluhang-ugnayan ng Panitikang Lokal ng Calamba sa Pagtuturo ng Wika at Kultura at makabuluhang epekto ng Panitikang Lokal ng Calamba sa pagkatuto ng mga mag-aaral.

Gumamit ng deskriptibong-korelasyonal na paraan at Purposive Sampling Technique. Ang mga tagatugon sa pag-aaral ay mga mag-aaral sa ika-8 baitang na may dalawaangdaan at pito (207) ng Makiling Integrated School bilang tagatugon ng pag-aaral. Gumamit ng angkop na istatistikal na pamamaran tulad ng Weighted Mean at Standard Deviation, Frequency at Percentage, Pearson Product-Moment Correlation Coefficient (Pearson r) at Multiple Regression Analysis.

Batay sa mga isinagawang pagsusuri natuklasan na Lubhang Mabisa ang Panitikang Lokal ng Calamba batay sa bahagi ng modyul. Bukod dito, Lubhang Mabisa rin ang antas ng Panitikang Lokal ng Calamba batay sa katangian ng modyul. Sa aspekto ng pagtuturo, Lubhang Mabisa ang antas ng pagtuturo ng wika at kultura sa iba't ibang salik. Gayundin, kasiya-siya ang pagganap ng mga mag-aaral sa aspeto ng pagkatuto batay sa pagsusulit. Isinasaad na may makabuluhang ugnayan ang Panitikang Lokal ng Calamba sa pagtuturo ng Wika at Kultura. Isinasaad din ng pag-aaral na walang makabuluhang epekto ang Panitikang Lokal ng Calamba sa pagkatuto ng mga mag-aaral batay sa pagsusulit.

May makabuluhang kaugnayan ang Panitikang Lokal ng Calamba sa pagtuturo ng wika at kultura kaya ang haypotesis ay hindi tinanggap. Samakatuwid, ang paggamit ng Panitikang Lokal ng Calamba sa pagtuturo ng wika at kultura ay nagtataguyod ng holistikong pagkatuto – isang proseso na nakasentro sa mag-aaral, nakaugat sa lokal na karanasan. Walang makabuluhang epekto ang Panitikang Lokal ng Calamba sa pagkatuto ng mga mag-aaral batay sa pagsusulit ay tinanggap. Nangangahulugan na ang paggamit ng panitikang lokal ay hindi nagdulot ng malinaw na pagbabago o pagtaas sa antas ng pagkatuto ng mga mag-aaral. Sa ganitong kalagayan, ang panitikang lokal ay maaaring nagkaroon ng papel bilang karagdagang materyal, ngunit hindi ito naging sapat na salik upang makaimpluwensiya nang direkta sa kanilang pagganap sa pagsusulit.

Iminungkahi ng mananaliksik ang patuloy na paggamit ng Panitikang Lokal sa mga leksyon, mas aktibong pakikilahok ng mga mag-aaral sa mga gawaing pampanitikan at pangkultura.

SUSING SALITA*: Panitikan Lokal ng Calamba, Wika, Kultura, Pagkatuto, Pagtuturo*

1. PANIMULA

Ang wikang Filipino ay isang pangunahing haligi ng pambansang kultura at isang katalista para sa pagkakaisa ng mga Pilipino sa buong kapuluan. Kapag ginamit sa edukasyon, ang wika at kultura ay nagsisilbi hindi lamang bilang mga guro ng mga aklat-aralin kundi pati na rin bilang mga nagpapahintulot ng mas mayaman at mas malalim na pag-unawa sa sarili at sa kasaysayan.

Ayon kay Salazar (2016), ang panitikang lokal ay ang pagpapahayag ng damdamin at karanasan ng mga tao sa isang partikular na rehiyon o komunidad, na gumagamit ng sariling wika upang mapangalagaan ang kultura at kasaysayan ng lugar na ito. Ang pagpapahalaga sa sariling panitikan ay pagpapahalaga sa sariling kultura; ito ay isang pagkilala sa ating pinagmulan at isang hakbang patungo sa mas malalim na pag-unawa sa ating pagkatao.

Sa edukasyon, isa ang kagamitang pampagkatuto na nagsisilbing epektibong pagtuturo at pagkatuto. Ang mga guro ay hindi tumitigil sa pagtuklas at pagbuo ng mga instruksyonal na kagamitang pampagtuturo upang matugunan ang mga inaasahang bunga o pagganap ng mga mag-aaral. Mahalaga ang ginagampanan ng mga libro o aklat sa pagtuturo at pagkatuto. Ayon kina Rahim et.al (2020), ang modyul ay dapat na kinikilala bilang isang uri ng materyal pampagtuturo. Ang paggamit nito ay mas makatutulong upang mas maitaas ang kalidad ng edukasyong maibibigay sa mga mag-aaral.

Ang modyul ay isang nakasulat at organisadong kagamitang panturo na naglalaman ng aralin, layunin, gawain, at pagtataya. Ang panitikang lokal ay nagsisilbing tulay na nag-uugnay sa mga mag-aaral sa kanilang sariling kultura at kasaysayan. Sa Calamba Laguna, ang mayamang pamana, kultura at kasaysayan ay nagbibigay ng mahalagang konteksto sa pag-aaral ng Filipino. Ang lungsod na ito, na sikat bilang tahanan ni Dr. Jose Rizal, ay may malaking ambag sa panitikang Pilipino at sa pagbubuo ng pambansang kamalayan. Sa ganitong kapaligiran, ang paggamit ng panitikang lokal sa pagtuturo ng wika at kultura ay hindi lamang nakatuon sa akademikong pag-aaral kundi pati na rin sa pagpapalalim ng koneksyon ng mga mag-aaral sa kanilang sariling pagkakakilanlan bilang Pilipino.

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 12| Issue: 7| July 2026|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2026: 8.753 || ISI Value: 1.188

Ang layunin ng pag-aaral ay magbibigay ng karagdagang kagamitan upang mas mapayabong pa ang kaalaman ng mga mag-aaral patungkol sa panitikan, wika at lokal na kultura.

1.1 Paglalahad ng Suliranin

Ang pananaliksik na ito ay naglalayong tukuyin at suriin ang panitikang lokal ng Calamba sa pagtuturo ng wika at kultura sa pagkatuto ng mga mag-aaral.

Ang pag-aaral na ito ay nagnanais na alamin ang mga sumusunod na katanungan:

1. Ano ang antas ng Panitikang Lokal ng Calamba batay sa Bahagi ayon sa:
   - 1.1 Layunin;
   - 1.2 Paksa;
   - 1.3 Pagsasanay;
   - 1.4 Pagtataya; at
   - 1.5 Repleksyon?
2. Ano ang antas ng panitikang Lokal ng Calamba batay sa Katangian ayon sa:
   - 2.1 Kaangkupan;
   - 2.2 Kalinawan;
   - 2.3 Hikayat sa Paggamit;
   - 2.4 Teknikal na Pormat; at
   - 2.5 Disenyo?
3. Ano ang antas ng Pagtuturo ng Wika at Kultura batay sa:
   - 3.1 Kasanayan sa Wika;
   - 3.2 Paggamit ng Wika;
   - 3.3 Paggamit ng lokal na Wika;
   - 3.4 Kontekstong Kultural;
   - 3.5 Pagkakakilanlan sa Kulturang Pilipino; at
   - 3.6 Pagpapahalaga sa Kultura?
4. Ano ang antas ng Pagkatuto ng mga Mag-aaral batay sa Pagsusulit?
5. May makabuluhang kaugnayan ba ang Panitikang Lokal ng Calamba at Pagtuturo ng Wika at Kultura?
6. May makabuluhang epekto ba ang Panitikang Lokal ng Calamba sa Pagkatuto ng mga Mag-aaral?

2. METODOLOHIYA

Gumamit ng deskriptibong-korelasyonal na paraan at Purposive Sampling Technique. Ang mga tagatugon sa pag-aaral ay mga mag-aaral sa ika-8 baitang na may dalawaangdaan at pito (207) ng Makiling Integrated School bilang tagatugon ng pag-aaral. Gumamit ng angkop na istatistikal na pamamaran tulad ng Weighted Mean at Standard Deviation, Frequency at Percentage, Pearson Product-Moment Correlation Coefficient (Pearson r) at Multiple Regression Analysis.

3. RESULTA AT TALAKAYAN

Inilalahad sa kabanatang ito ang mga datos na nakalap mula sa mga respondente at ang pagsusuri sa mga ito batay sa mga layunin ng pag-aaral. Ipinapakita rin dito ang interpretasyon ng mga resulta kaugnay ng Panitikang Lokal ng Calamba sa pagtuturo ng wika at kultura sa pagkatuto ng mga mag-aaral. Tinalakay sa kabanatang ito ang antas ng Panitikang Lokal ng Calamba batay sa bahagi at katangian ng modyul, gayundin ang antas ng pagtuturo ng wika at kultura at pagkatuto ng mga mag-aaral batay sa pagsusulit. Inilahad din ang pagsusuri sa makabuluhang kaugnayan ng mga baryabol, pati na ang makabuluhang epekto ng Panitikang Lokal ng Calamba sa pagkatuto ng mga mag-aaral gamit ang angkop na pamamaraang estadistikal.

Antas ng Panitikang Lokal ng Calamba Batay sa Bahagi

Sa pag-aaral na ito, ang antas ng Panitikang Lokal ng Calamba batay sa bahagi ng modyul ay tumutukoy sa pagtataya sa mahahalagang sangkap nito tulad ng layunin, paksa, pagsasanay, pagtataya, at repleksyon. Sinusuri sa aspektong ito kung gaano kabisa ang bawat bahagi bilang gabay sa pagkatuto at paglinang ng kaalaman ng mga mag-aaral.

Inilalahad sa mga sumusunod na talahanayan ang resulta ng pagsusuri sa antas ng Panitikang Lokal ng Calamba batay sa bahagi ng modyul. Ipinakikita rito ang mga pahayag, weighted mean, standard deviation, at berbal na interpretasyon upang masukat ang kabisaan ng bawat bahagi ng modyul.

Ipinapakita sa Talahanayan 1 ang antas ng Panitikang Lokal ng Calamba batay sa bahagi ng modyul ayon sa layunin. Batay sa kabuuang weighted mean na 4.49 at standard deviation na 0.68, makikita na ang antas ng layunin sa modyul ay lubhang mabisa ayon sa berbal na interpretasyon. Ibig sabihin, sa pangkalahatan ay malinaw at kapaki-pakinabang sa mga mag-aaral ang mga layuning nakapaloob sa modyul at nakatutulong ang mga ito sa kanilang pagkatuto.

Talahanayan 1.

Antas ng Panitikang Lokal ng Calamba Batay sa Bahagi Ayon sa Layunin

Mga Pahayag	*Mean*	*SD*	*Mga Puna*
Nauunawaan ang mga layunin sa modyul.	4.54	0.66	Lubos na sumasang-ayon
Naiintindihan kung paano nakaugnay ang layunin ng modyul sa pag-aaral.	4.44	0.71	Lubos na sumasang-ayon
Nagagamit ang mga layunin na natutuhan mula sa modyul sa mga aktuwal na gawain.	4.45	0.72	Lubos na sumasang-ayon
Nakakamit ng mga layunin sa modyul ang mga pangangailangan ng mga mag-aaral sa pagbasa at pag-unawa.	4.51	0.67	Lubos na sumasang-ayon
Nakabubuo ng sariling ideya o proyekto gamit ang mga layunin sa modyul.	4.49	0.67	Lubos na sumasang-ayon
Weighted Mean	4.49		
SD	0.68		
Berbal na Interpretasyon	Lubhang Mabisa		

Sa mga pahayag na kabilang sa talahanayan, ang "Nauunawaan ang mga layunin sa modyul" ang nakakuha ng pinakamataas na mean na 4.54. Ipinahihiwatig nito na madaling maunawaan ng mga mag-aaral ang mga layunin ng modyul at

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 12| Issue: 7| July 2026|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2026: 8.753 || ISI Value: 1.188

malinaw sa kanila kung ano ang inaasahang matutuhan sa bawat aralin. Samantala, ang "Naiintindihan kung paano nakaugnay ang layunin ng modyul sa pag-aaral" ang may pinakamababang mean na 4.44. Bagama't ito ay nananatili pa rin sa kategoryang lubos na sumasang-ayon, ipinakikita ng resulta na may ilang mag-aaral na mas nangangailangan pa ng mas malinaw na pag-uugnay ng mga layunin ng modyul sa kabuuang pag-aaral o aralin.

Sa kabuuan, ipinakikita ng mga resulta na epektibo at malinaw ang pagkakabuo ng mga layunin sa modyul na nakabatay sa Panitikang Lokal ng Calamba. Makikita rin na ang mga layunin ay hindi lamang nauunawaan ng mga mag-aaral kundi nagagamit din sa mga aktuwal na gawain at nakatutulong sa pagbuo ng sariling ideya o proyekto, na nagpapakita ng aktibong paglahok at mas malalim na pagkatuto.

Ipinapakita sa Talahanayan 2 ang antas ng Panitikang Lokal ng Calamba batay sa bahagi ng modyul ayon sa paksa. Batay sa kabuuang weighted mean na 4.53 at standard deviation na 0.67, makikita na ang antas ng paksa sa modyul ay lubhang mabisa ayon sa berbal na interpretasyon. Ibig sabihin, ang mga paksang nakapaloob sa modyul ay malinaw, madaling maunawaan, at nakatutulong sa pagbuo ng kaalaman ng mga mag-aaral sa kanilang pag-aaral.

Sa mga pahayag na kabilang sa talahanayan, ang "Natatandaan ang mahahalagang impormasyon tungkol sa paksa ng modyul" ang nakakuha ng pinakamataas na mean na 4.58. Ipinahihiwatig nito na madaling naaalala ng mga mag-aaral ang mahahalagang detalye at impormasyon na may kaugnayan sa paksa, kaya nagiging mas matibay ang kanilang pag-unawa sa aralin. Samantala, ang "Nakikita ang kaugnayan ng paksa sa pang-araw-araw na buhay o pag-aaral" ang may pinakamababang mean na 4.48. Bagama't ito ay nananatili sa kategoryang lubos na sumasang-ayon, ipinakikita nito na may ilang mag-aaral na mas nahihirapan pa sa pag-uugnay ng paksa sa kanilang pang-araw-araw na karanasan kumpara sa iba pang kasanayan.

Talahanayan 2.

Antas ng Panitikang Lokal ng Calamba Batay sa Bahagi Ayon sa Paksa

Mga Pahayag	***Mean***	***SD***	***Mga Puna***
Natatandaan ang mahahalagang impormasyon tungkol sa paksa ng modyul.	4.58	0.62	Lubos na sumasang-ayon
Naipaliliwanag sa sariling salita ang paksa na nasa modyul.	4.51	0.74	Lubos na sumasang-ayon
Nakikita ang kaugnayan ng paksa sa pang-araw-araw na buhay o pag-aaral.	4.48	0.70	Lubos na sumasang-ayon
Nakakapag-ugnay ng paksa sa iba pang aralin o karanasan..	4.51	0.67	Lubos na sumasang-ayon
Nasusuri ang pagkakaiba at pagkakatulad ng mga ideya na kaugnay ng paksa	4.55	0.62	Lubos na sumasang-ayon
Weighted Mean *SD* *Berbal na Interpretasyon*	4.53 0.67 Lubhang Mabisa		

Sa kabuuan, ipinakikita ng mga resulta na ang mga paksang nakapaloob sa modyul na nakabatay sa Panitikang Lokal ng Calamba ay may malinaw na nilalaman at mataas na antas ng bisa. Makikita rin na nakatutulong ito sa mga mag-aaral upang maipaliwanag ang paksa sa sariling salita, makapag-ugnay ng aralin sa iba pang karanasan, at masuri ang mga ideyang kaugnay ng paksa, na nagpapakita ng mas malalim na pag-unawa.

Ipinapakita sa Talahanayan 3 ang antas ng Panitikang Lokal ng Calamba batay sa bahagi ng modyul ayon sa pagsasanay. Batay sa kabuuang weighted mean na 4.55 at standard deviation na 0.62, makikita na ang antas ng mga pagsasanay sa modyul ay lubhang mabisa ayon sa berbal na interpretasyon. Ibig sabihin, ang mga pagsasanay na nakapaloob sa modyul ay malinaw, angkop, at epektibong nakatutulong sa pag-unawa at paglinang ng kasanayan ng mga mag-aaral.

Sa kabuuan, ipinakikita ng mga resulta na mataas ang antas ng bisa ng mga pagsasanay sa modyul na nakabatay sa Panitikang Lokal ng Calamba. Makikita rin na ang mga gawain ay nakatutulong sa mabilis na pag-unawa, pagpapalalim ng pag-unawa sa binabasa, at paghubog ng kakayahang komunikatibo, na nagpapakita ng mahalagang ambag nito sa pagkatuto ng mga mag-aaral.

Talahanayan 3.

Antas ng Panitikang Lokal ng Calamba Batay sa Bahagi Ayon sa Pagsasanay

Mga Pahayag	***Mean***	***SD***	***Mga Puna***
Nauunawaan nang mabilis ang mga katanungan sa mga pagsasanay na nakapaloob sa modyul	4.55	0.58	Lubos na sumasang-ayon
Nahahasa ang kakayahan sa pag-unawa ng mga mag-aaral sa tulong ng mga pagsasanay sa modyul.	4.54	0.62	Lubos na sumasang-ayon
Nakatutulong ang mga pagsasanay sa modyul upang mapabilis ang pag-unawa ng mga mag-aaral.	4.51	0.70	Lubos na sumasang-ayon
Napauunlad ng mga pagsasanay sa modyul ang kakayahang komunikatibo ng mga mag-aaral.	4.57	0.62	Lubos na sumasang-ayon
Naaayon sa antas ng mga mag-aaral ang mga pagsasanay sa modyul.	4.57	0.59	Lubos na sumasang-ayon
Weighted Mean *SD* *Berbal na Interpretasyon*	4.55 0.62 Lubhang Mabisa		

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 12| Issue: 7| July 2026|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2026: 8.753 || ISI Value: 1.188

Talahanayan 4.

Antas ng Panitikang Lokal ng Calamba Batay sa Bahagi Ayon sa Pagtataya

Mga Pahayag	***Mean***	***SD***	***Mga Puna***
Nakakamit sa tulong ng mga pagtataya sa modyul ang mga layuning nakapaloob.	4.63	0.52	Lubos na sumasang-ayon
Napagyayaman ng mga pagtataya sa modyul ang kakayahan sa pag-unawa ng mga mag-aaral.	4.53	0.62	Lubos na sumasang-ayon
Nasasagot nang mahusay ang mga tanong sa bawat pagtataya sa modyul.	4.48	0.66	Lubos na sumasang-ayon
Nahihikayat ang mga mag-aaral na magsagot sa mga pagtataya sa modyul.	4.51	0.69	Lubos na sumasang-ayon
Naiintindihan nang malinaw ang mga panuto sa mga pagtataya na nakapaloob sa modyul.	4.57	0.63	Lubos na sumasang-ayon
Weighted Mean *SD* *Berbal na Interpretasyon*	4.54 0.63 Lubhang Mabisa		

Ipinapakita sa Talahanayan 4 ang antas ng Panitikang Lokal ng Calamba batay sa bahagi ng modyul ayon sa pagtataya. Batay sa kabuuang weighted mean na 4.54 at standard deviation na 0.63, makikita na ang antas ng mga pagtataya sa modyul ay lubhang mabisa ayon sa berbal na interpretasyon. Ibig sabihin, ang mga pagtatayang nakapaloob sa modyul ay malinaw at epektibong nakatutulong upang masukat at mapalalim ang pag-unawa ng mga mag-aaral sa aralin.

Sa mga pahayag na kabilang sa talahanayan, ang "Nakakamit sa tulong ng mga pagtataya sa modyul ang mga layuning nakapaloob" ang nakakuha ng pinakamataas na mean na 4.63. Ipinahihiwatig nito na nakikita ng mga mag-aaral na ang mga pagtataya ay tumutulong upang masuri kung naabot ang mga layunin ng modyul at nagsisilbing gabay sa kanilang pagkatuto. Samantala, ang "Nasasagot nang mahusay ang mga tanong sa bawat pagtataya sa modyul" ang may pinakamababang mean na 4.48. Bagama't ito ay nananatili sa kategoryang lubos na sumasang-ayon, ipinakikita nito na may ilang mag-aaral na nakararanas pa rin ng hamon sa pagsagot sa ilang bahagi ng pagtataya, lalo na kung nangangailangan ito ng mas malalim na pag-unawa.

Sa kabuuan, ipinakikita ng mga resulta na mataas ang antas ng pagiging mabisa ng mga pagtataya sa modyul na nakabatay sa Panitikang Lokal ng Calamba. Nasusukat ang natutuhan ng mga mag-aaral sa tulong ng paggtataya, gamit nito nasusukat ang kaalaman batay sa Panitikang Lokal, wika at sa Kultura. Makikita rin na malinaw ang mga panuto, nakahihikayat sa mga mag-aaral na magsagot, at nakatutulong sa paghubog ng pag-unawa, kaya nagiging makabuluhan ang pagtataya bilang bahagi ng proseso ng pagkatuto.

Talahanayan 5.

Antas ng Panitikang Lokal ng Calamba Batay sa Bahagi Ayon sa Repleksyon

Mga Pahayag	***Mean***	***SD***	***Mga Puna***
Nakapagbabahagi ng kaalaman ang mag-aaral sa tulong ng mga katanungang nakapaloob sa repleksyon sa modyul.	4.59	0.60	Lubos na sumasang-ayon
Naipakikita ang kasanayan sa pagsulat ng mga mag-aaral sa pamamagitan ng mga repleksyon sa modyul.	4.48	0.67	Lubos na sumasang-ayon
Naipaliliwanag nang malinaw ang kaalamang natamo sa pagsasagot sa repleksyon.	4.57	0.69	Lubos na sumasang-ayon
Napauunlad ng mga repleksyon sa modyul ang kakayahan ng mga mag-aaral sa gramatika.	4.53	0.63	Lubos na sumasang-ayon
Nailalahad ng mga mag-aaral ang natutunan sa mga paksang napag-aralan sa modyul.	4.55	0.71	Lubos na sumasang-ayon
Weighted Mean *SD* *Berbal na Interpretasyon*	4.54 0.66 Lubhang Mabisa		

Ipinapakita sa Talahanayan 5 ang antas ng Panitikang Lokal ng Calamba batay sa bahagi ng modyul ayon sa repleksyon. Batay sa kabuuang weighted mean na 4.54 at standard deviation na 0.66, makikita na ang antas ng repleksyon sa modyul ay lubhang mabisa ayon sa berbal na interpretasyon. Ibig sabihin, ang mga gawaing repleksyon na nakapaloob sa modyul ay epektibong nakatutulong sa mga mag-aaral upang mapalalim ang kanilang pag-unawa at maipahayag ang kanilang natutuhan sa mas malinaw na paraan.

Sa mga pahayag na kabilang sa talahanayan, ang "Nakapagbabahagi ng kaalaman ang mag-aaral sa tulong ng mga katanungang nakapaloob sa repleksyon sa modyul" ang nakakuha ng pinakamataas na mean na 4.59. Ipinahihiwatig nito na ang mga tanong sa bahaging repleksyon ay nakatutulong upang mas maging bukas ang mga mag-aaral sa pagbabahagi ng kanilang ideya at kaalaman hinggil sa aralin. Samantala, ang "Naipakikita ang kasanayan sa pagsulat ng mga mag-aaral sa pamamagitan ng mga repleksyon sa modyul" ang may pinakamababang mean na 4.48. Bagama't ito ay nananatili sa kategoryang lubos na sumasang-ayon, ipinakikita ng resulta na may ilang mag-aaral na mas nahihirapan pa sa aspeto ng pagsulat, kahit na nakatutulong pa rin ang repleksyon sa pagpapahayag ng kanilang natutuhan.

Sa kabuuan, ipinakikita ng mga resulta na mataas ang antas ng bisa ng repleksyon bilang bahagi ng modyul na nakabatay sa Panitikang Lokal ng Calamba. Makikita rin na nakatutulong ito sa pagpapaliwanag ng natamong kaalaman, pag-unlad sa gramatika, at mas malinaw na paglahad ng natutuhan, kaya nagiging mahalaga ang repleksyon sa pagpapalalim ng pagkatuto ng mga mag-aaral.

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 12| Issue: 7| July 2026|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2026: 8.753 || ISI Value: 1.188

Antas ng Panitikang Lokal ng Calamba Batay sa Katangian

Sa pag-aaral na ito, ang antas ng Panitikang Lokal ng Calamba batay sa katangian ng modyul ay tumutukoy sa pagsusuri sa mahahalagang sangkap nito tulad ng kaangkupan, kalinawan, hikayat sa paggamit, teknikal na pormat, at disenyo. Sinusuri sa bahaging ito kung gaano kabisa at katanggap-tanggap ang modyul bilang kagamitang pampagkatuto sa pagtuturo ng wika at kultura.

Inilalahad sa mga sumusunod na talahanayan ang resulta ng pagsusuri sa antas ng Panitikang Lokal ng Calamba batay sa katangian ng modyul. Ipinakikita rito ang mga pahayag, mean, standard deviation, at berbal na interpretasyon upang masukat ang kalidad at kabisaan ng bawat katangian ng modyul.

Talahanayan 6.

Antas ng Panitikang Lokal ng Calamba Batay sa Katangian Ayon sa Kaangkupan

Mga Pahayag	***Mean***	***SD***	***Mga Puna***
Naaayon sa kasanayang pampagkatuto ang mga aralin sa modyul	4.55	0.58	Lubos na sumasang-ayon
Nababatay sa layunin ng paksa ang mga pahayag sa modyul.	4.54	0.62	Lubos na sumasang-ayon
Naiaakma sa kakayahan ng mga mag-aaral ang mga salitang ginamit sa modyul.	4.51	0.70	Lubos na sumasang-ayon
Nauugnay sa mga paksa ang mga gawaing nakapaloob sa modyul	4.57	0.62	Lubos na sumasang-ayon
Naiaangkop ang kabuoang nilalaman ng modyul sa antas ng kakayahan ng mga mag-aaral.	4.57	0.59	Lubos na sumasang-ayon
Weighted Mean	4.55		
SD	0.62		
Berbal na Interpretasyon	Lubhang Mabisa		

Ipinapakita sa Talahanayan 6 ang antas ng Panitikang Lokal ng Calamba batay sa katangian ng modyul ayon sa kaangkupan. Batay sa kabuuang weighted mean na 4.55 at standard deviation na 0.62, makikita na ang antas ng kaangkupan ng modyul ay lubhang mabisa ayon sa berbal na interpretasyon. Ibig sabihin, ang nilalaman, aralin, at mga gawaing nakapaloob sa modyul ay angkop sa kasanayan at antas ng kakayahan ng mga mag-aaral.

Sa mga pahayag na kabilang sa talahanayan, ang "Nauugnay sa mga paksa ang mga gawaing nakapaloob sa modyul" at "Naiaangkop ang kabuuang nilalaman ng modyul sa antas ng kakayahan ng mga mag-aaral" ang kapwa nakakuha ng pinakamataas na mean na 4.57. Ipinahihiwatig nito na malinaw ang ugnayan ng mga gawain sa mga paksa at naaangkop ang kabuuang nilalaman sa kakayahan ng mga mag-aaral, kaya mas nagiging madali at makabuluhan ang kanilang pagkatuto. Samantala, ang "Naiaakma sa kakayahan ng mga mag-aaral ang mga salitang ginamit sa modyul" ang may pinakamababang mean na 4.51. Bagama't ito ay nananatili sa kategoryang lubos na sumasang-ayon, ipinakikita nito na may ilang mag-aaral na maaaring nakararanas pa rin ng bahagyang hamon sa ilang salitang ginamit sa modyul.

Sa kabuuan, ipinakikita ng mga resulta na ang modyul ay angkop sa pangangailangan at antas ng mga mag-aaral, lalo na sa pagsasaayos ng mga gawain at nilalaman na may malinaw na kaugnayan sa mga paksa. Makikita rin na ang kaangkupan ng modyul ay nakatutulong upang maging mas madali ang pag-unawa at mas maayos ang pagkatuto ng mga mag-aaral.

Ipinapakita sa Talahanayan 7 ang antas ng Panitikang Lokal ng Calamba batay sa katangian ng modyul ayon sa kalinawan. Batay sa kabuuang weighted mean na 4.54 at standard deviation na 0.63, makikita na ang antas ng kalinawan ng modyul ay lubhang mabisa ayon sa berbal na interpretasyon. Ibig sabihin, malinaw ang pagkakalahad ng mga paksa, ideya, at mga bahagi ng modyul kaya nagiging mas madali para sa mga mag-aaral ang pag-unawa sa nilalaman nito.

Talahanayan 7.

Antas ng Panitikang Lokal ng Calamba Batay sa Katangian Ayon sa Kalinawan

Mga Pahayag	***Mean***	***SD***	***Mga Puna***
Nakikita ang sistematikong pagkakaayos ng ideya at pahayag sa modyul.	4.63	0.52	Lubos na sumasang-ayon
Nauunawaan nang malinaw ang mga paksa sa modyul	4.53	0.62	Lubos na sumasang-ayon
Napapanahon ang mga halimbawang ginamit sa modyul.	4.48	0.66	Lubos na sumasang-ayon
Naaabot nang kakayanan ng mga mag-aaral ang mga gawaing nakapaloob sa modyul	4.51	0.69	Lubos na sumasang-ayon
Nailalahad nang malinaw ang mga pagtatayang makikita sa modyul.	4.57	0.63	Lubos na sumasang-ayon
Weighted Mean	4.54		
SD	0.63		
Berbal na Interpretasyon	Lubhang Mabisa		

Sa mga pahayag na kabilang sa talahanayan, ang "Nakikita ang sistematikong pagkakaayos ng ideya at pahayag sa modyul" ang nakakuha ng pinakamataas na mean na 4.63. Ipinahihiwatig nito na maayos ang daloy ng mga ideya at organisado ang presentasyon ng nilalaman, kaya mas nagiging malinaw ang pag-aaral para sa mga mag-aaral. Samantala, ang "Napapanahon ang mga halimbawang ginamit sa modyul" ang may pinakamababang mean na 4.48. Bagama't ito ay nananatili sa kategoryang lubos na sumasang-ayon, ipinakikita nito na may ilang mag-aaral na maaaring mas nais pa ang mas marami o mas makabagong halimbawa na mas malapit sa kanilang karanasan.

Sa kabuuan, ipinakikita ng mga resulta na malinaw at organisado ang modyul na nakabatay sa Panitikang Lokal ng Calamba. Makikita rin na ang sistematikong pagkakaayos ng ideya, malinaw na pagpapaliwanag ng paksa, at maayos na

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 12| Issue: 7| July 2026|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2026: 8.753 || ISI Value: 1.188

paglalahad ng pagtataya ay nakatutulong upang maging mas epektibo ang paggamit ng modyul sa pagkatuto ng mga mag-aaral.

Ipinapakita sa Talahanayan 8 ang antas ng Panitikang Lokal ng Calamba batay sa katangian ng modyul ayon sa hikayat sa paggamit. Batay sa kabuuang weighted mean na 4.54 at standard deviation na 0.66, makikita na ang antas ng hikayat sa paggamit ng modyul ay lubhang mabisa ayon sa berbal na interpretasyon. Ibig sabihin, ang modyul ay kaaya-ayang gamitin at nakapagpapataas ng interes ng mga mag-aaral sa pag-aaral ng mga paksang nakapaloob dito.

Sa mga pahayag na kabilang sa talahanayan, ang "Naiintindihan nang lubos ang aralin sa tulong ng mga feature na makikita sa modyul" ang nakakuha ng pinakamataas na mean na 4.59. Ipinahihiwatig nito na malaking tulong ang mga feature o bahagi ng modyul upang mas maging malinaw at mas madaling maunawaan ang aralin para sa mga mag-aaral. Samantala, ang "Nakaeengganyong basahin ang mga paksa na nakapaloob sa modyul" ang may pinakamababang mean na 4.48. Bagama't ito ay nananatili sa kategoryang lubos na sumasang-ayon, ipinakikita nito na may ilang mag-aaral na mas nangangailangan pa ng dagdag na element.

Talahanayan 8.

Antas ng Panitikang Lokal ng Calamba Batay sa Katangian Ayon sa Hikayat sa Paggamit

Mga Pahayag	***Mean***	***SD***	***Mga Puna***
Naiintidihan nang lubos ang aralin sa tulong ng mga feature na makikita sa modyul.	4.59	0.60	Lubos na sumasang-ayon
Nakaeengganyong basahin ang mga paksa na nakapaloob sa modyul.	4.48	0.67	Lubos na sumasang-ayon
Nakalilibang na gamitin ang modyul sa tulong ng mga larawan na may kaugnayan sa aralin.	4.57	0.69	Lubos na sumasang-ayon
Nakawiwiling gamitin ang modyul sa tulong ng mga gawain.	4.53	0.63	Lubos na sumasang-ayon
Nakikilahok nang aktibo ang mga mag-aaral sa talakayan.	4.55	0.71	Lubos na sumasang-ayon
Weighted Mean *SD* *Berbal na Interpretasyon*	4.54 0.66 Lubhang Mabisa		

Sa kabuuan, ipinakikita ng mga resulta na nakahihikayat na gamitin ang modyul na nakabatay sa Panitikang Lokal ng Calamba. Makikita rin na nakatutulong ang mga feature, larawan, at mga gawain upang maging mas kawili-wili at masaya ang pag-aaral, kaya nagiging aktibo ang pakikilahok ng mga mag-aaral sa talakayan.

Ipinapakita sa Talahanayan 9 ang antas ng Panitikang Lokal ng Calamba batay sa katangian ng modyul ayon sa teknikal na pormat. Batay sa kabuuang weighted mean na 4.51 at standard deviation na 0.65, makikita na ang antas ng teknikal na pormat ng modyul ay lubhang mabisa ayon sa berbal na interpretasyon. Ibig sabihin, malinaw at maayos ang pagkakaayos ng pormat at mga bahagi ng modyul kaya nagiging madali itong gamitin at sundan ng mga mag-aaral.

Sa mga pahayag na kabilang sa talahanayan, ang "Nasusundan nang malinaw ang mga panuto sa modyul" at "Naipamamalas ang husay sa paggamit ng modyul sa tulong ng maayos na nilalaman" ang kapwa nakakuha ng pinakamataas na mean na 4.57. Ipinahihiwatig nito na malinaw ang mga panuto at organisado ang nilalaman ng modyul, kaya nagagawa ng mga mag-aaral na gamitin ito nang maayos at epektibo. Samantala, ang "Nauunawaan nang mabilis ang paggamit ng modyul" ang may pinakamababang mean na 4.44.

Talahanayan 9.

Antas ng Panitikang Lokal ng Calamba Batay sa Katangian Ayon sa Teknikal na Pormat

Mga Pahayag	***Mean***	***SD***	***Mga Puna***
Nauunawaan nang mabilis ang paggamit ng modyul.	4.44	0.71	Lubos na sumasang-ayon
Naiaangkop nang malinaw ang mga teknikal na pormat na nakapaloob sa modyul.	4.50	0.61	Lubos na sumasang-ayon
Nasusundan nang malinaw ang mga panuto sa modyul.	4.57	0.60	Lubos na sumasang-ayon
Naipamamalas ang husay sa paggamit ng modyul sa tulong ng maayos na nilalaman.	4.57	0.66	Lubos na sumasang-ayon
Naibabahagi ng mga mag-aaral ang kakayahan sa paggamit ng modyul.	4.47	0.65	Lubos na sumasang-ayon
Weighted Mean *SD* *Berbal na Interpretasyon*	4.51 0.65 Lubhang Mabisa		

Sa kabuuan, ipinakikita ng mga resulta na maayos ang teknikal na pormat ng modyul na nakabatay sa Panitikang Lokal ng Calamba. Makikita rin na ang malinaw na panuto at organisadong nilalaman ay nakatutulong upang mas mapadali ang paggamit ng modyul at maging mas epektibo ang pagkatuto ng mga mag-aaral.

Ang resultang ito ay sinusuportahan ng pag-aaral ni Del Rosario (2017) na binibigyang-diin na ang wastong presentasyon at pormat ng mga biswal na elemento tulad ng chart, talahanayan, at organisasyon ng dokumento ay nakatutulong upang mapabilis ang pag-unawa at maiwasan ang kalituhan sa mga mag-aaral. Ipinahihiwatig nito na ang malinaw na panuto at maayos na teknikal na pormat ng modyul ay mahalagang salik upang maging madali itong gamitin at maging epektibo ang pagkatuto.

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 12| Issue: 7| July 2026|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2026: 8.753 || ISI Value: 1.188

Talahanayan 10.

Antas ng Panitikang Lokal ng Calamba Batay sa Katangian Ayon sa Disenyo

Mga Pahayag	***Mean***	***SD***	***Mga Puna***
Nakalilibang ang mga nilalaman, larawan at gawain na nakapaloob sa modyul.	4.58	0.62	Lubos na sumasang-ayon
Nababasa nang malinaw ang mga titik na ginamit sa modyul.	4.60	0.66	Lubos na sumasang-ayon
Kaaya-aya ang mga kulay na ginamit sa bawat mukhang-harap ng modyul.	4.57	0.66	Lubos na sumasang-ayon
Naaayon sa hinihingi ng kurikulum ang disenyong ginamit sa modyul.	4.63	0.65	Lubos na sumasang-ayon
Naiaakma ang disenyo ng modyul sa antas ng mga mag-aaral.	4.64	0.60	Lubos na sumasang-ayon
Weighted Mean *SD* *Berbal na Interpretasyon*	4.60 0.64 Lubhang Mabisa		

Ipinapakita sa Talahanayan 10 ang antas ng Panitikang Lokal ng Calamba batay sa katangian ng modyul ayon sa disenyo. Batay sa kabuuang weighted mean na 4.60 at standard deviation na 0.64, makikita na ang antas ng disenyo ng modyul ay lubhang mabisa ayon sa berbal na interpretasyon. Ibig sabihin, ang kabuuang kaanyuan ng modyul tulad ng nilalaman, larawan, kulay, at tipo ng titik ay kaaya-aya at madaling gamitin ng mga mag-aaral.

Sa mga pahayag na kabilang sa talahanayan, ang "Naiaakma ang disenyo ng modyul sa antas ng mga mag-aaral" ang nakakuha ng pinakamataas na mean na 4.64. Nangangahulugan ito na ang disenyo ng modyul ay tumutugma sa kakayahan at pangangailangan ng mga mag-aaral, kaya mas nagiging magaan at maayos ang kanilang pag-aaral gamit ang materyal. Samantala, ang "Kaaya-aya ang mga kulay na ginamit sa bawat mukhang-harap ng modyul" ang may pinakamababang mean na 4.57. Bagama't ito ay nananatili sa kategoryang lubos na sumasang-ayon, ipinakikita nito na may ilang mag-aaral na maaaring may pagkakaiba-iba ng pananaw sa pagpili ng kulay, kahit na sa pangkalahatan ay positibo pa rin ang kanilang pagtanggap dito.

Sa kabuuan, ipinakikita ng mga resulta na mataas ang antas ng pagiging mabisa ng disenyo ng modyul na nakabatay sa Panitikang Lokal ng Calamba. Makikita rin na malinaw ang mga titik, nakalilibang ang nilalaman, larawan at mga gawain, at naaayon ang disenyo sa hinihingi ng kurikulum kaya mas nagiging kawili-wili ang pagkatuto ng mga mag-aaral.

Antas ng Pagtuturo ng Wika at Kultura

Sa pag-aaral na ito, ang antas ng pagtuturo ng wika at kultura ay tumutukoy sa pagsusuri sa bisa ng pagtuturo batay sa pananaw ng mga mag-aaral. Sinusuri sa bahaging ito ang anim na salik na may kaugnayan sa paglinang ng kakayahang pangwika at kamalayang pangkultura, kabilang ang kasanayan sa wika, paggamit ng wika, paggamit ng lokal na wika, kontekstong kultural, pagkakakilanlan sa kulturang Pilipino, at pagpapahalaga sa kultura.

Inilalahad sa mga sumusunod na talahanayan ang resulta ng pagsusuri sa antas ng pagtuturo ng wika at kultura. Ipinakikita rito ang mga pahayag, weighted mean, standard deviation, at berbal na interpretasyon upang masukat kung gaano kabisa ang pagtuturo sa paghubog ng kaalaman, kasanayan, at pagpapahalaga ng mga mag-aaral.

Talahanayan 11.

Antas ng Pagtuturo ng Wika at Kultura Ayon sa Kasanayan sa Wika

Mga Pahayag	***Mean***	***SD***	***Mga Puna***
Natatandaan ang mga halimbawa ng iba't ibang anyo ng wika (pormal, di-pormal, balbal, kolokyal at iba pa).	4.60	0.61	Lubos na sumasang-ayon
Naiintindihan ang pagkakaiba ng wikang ginagamit sa akademiko at di-akademikong sulatin.	4.55	0.62	Lubos na sumasang-ayon
Nakapagsasalita nang may kumpiyansa sa harap ng iba.	4.51	0.74	Lubos na sumasang-ayon
Nasusuri ang mga pahayag kung tama ang gamit ng salita o hindi.	4.61	0.56	Lubos na sumasang-ayon
Nakapaglalahad ng ideya sa paraang malinaw, lohikal at organisado	4.59	0.61	Lubos na sumasang-ayon
Weighted Mean *SD* *Berbal na Interpretasyon*	4.57 0.63 Lubhang Mabisa		

Ipinapakita sa Talahanayan 11 na ang antas ng pagtuturo ng wika at kultura ayon sa kasanayan sa wika. Batay sa kabuuang weighted mean na 4.57 at standard deviation na 0.63, makikita na ang antas ng pagtuturo sa aspektong ito ay lubhang mabisa ayon sa berbal na interpretasyon. Ibig sabihin, mataas ang antas ng kasanayan sa wika ng mga mag-aaral at epektibo ang pagtuturo sa paglinang ng kanilang pag-unawa at paggamit ng wika.

Sa mga pahayag na kabilang sa talahanayan, ang "Nasusuri ang mga pahayag kung tama ang gamit ng salita o hindi" ang nakakuha ng pinakamataas na mean na 4.61. Nangangahulugan ito na malakas ang kakayahan ng mga mag-aaral sa pagsusuri ng wastong paggamit ng salita, na mahalaga sa pagbuo ng malinaw at tamang komunikasyon. Samantala, ang "Nakapagsasalita nang may kumpiyansa sa harap ng iba" ang may pinakamababang mean na 4.51. Bagama't ito ay nasa

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 12| Issue: 7| July 2026|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2026: 8.753 || ISI Value: 1.188

kategoryang lubos na sumasang-ayon, ipinakikita nito na may ilang mag-aaral na mas nangangailangan pa ng lakas ng loob at pagsasanay upang maging mas kumpiyansa sa pagsasalita sa harap ng iba.

Sa kabuuan, ipinakikita ng mga resulta na mataas ang antas ng pagtuturo ng wika at kultura pagdating sa kasanayan sa wika. Makikita rin na natatandaan ng mga mag-aaral ang iba't ibang anyo ng wika, naiintindihan ang pagkakaiba ng wikang akademiko at di-akademiko, at nakapaglalahad ng ideya nang malinaw, lohikal at organisado, na nagpapakita ng mabisang paglinang sa kanilang kakayahang pangwika.

Ipinapakita sa Talahanayan 12 ang antas ng pagtuturo ng wika at kultura ayon sa paggamit ng wika. Batay sa kabuuang weighted mean na 4.60 at standard deviation na 0.60, makikita na ang antas ng pagtuturo sa aspektong ito ay lubhang mabisa ayon sa berbal na interpretasyon. Ibig sabihin, mataas ang kakayahan ng mga mag-aaral sa wastong paggamit ng wika batay sa iba't ibang sitwasyon at konteksto.

Talahanayan 12.

Antas ng Pagtuturo ng Wika at Kultura Ayon sa Paggamit ng Wika

Mga Pahayag	***Mean***	***SD***	***Mga Puna***
Nalalaman kung kailan dapat gumamit ng pormal o di-pormal na wika.	4.64	0.62	Lubos na sumasang-ayon
Naiaangkop ang wika batay sa kausap at sitwasyon.	4.63	0.54	Lubos na sumasang-ayon
Nasusuri ang pagkakaiba ng wikang ginagamit sa midya at sa akademikong sulatin.	4.62	0.59	Lubos na sumasang-ayon
Nakapagpapahayag nang maayos at malaya gamit ang wika.	4.59	0.62	Lubos na sumasang-ayon
Nakapagbibigay ng makabuluhang puna sa paggamit ng wika ng iba.	4.51	0.65	Lubos na sumasang-ayon
Weighted Mean *SD* *Berbal na Interpretasyon*	4.60 0.60 Lubhang Mabisa		

Sa mga pahayag na kabilang sa talahanayan, ang "Nalalaman kung kailan dapat gumamit ng pormal o di-pormal na wika" ang nakakuha ng pinakamataas na mean na 4.64. Nangangahulugan ito na malinaw sa mga mag-aaral ang tamang paggamit ng wika depende sa pagkakataon, na mahalaga sa mabisang pakikipagkomunikasyon. Samantala, ang "Nakapagbibigay ng makabuluhang puna sa paggamit ng wika ng iba" ang may pinakamababang mean na 4.51. Bagama't ito ay nananatili sa kategoryang lubos na sumasang-ayon, ipinakikita nito na may ilang mag-aaral na mas nangangailangan pa ng higit na kasanayan sa pagbibigay ng puna o pagsusuri sa paggamit ng wika ng ibang tao.

Sa kabuuan, ipinakikita ng mga resulta na mataas ang antas ng pagtuturo ng wika at kultura pagdating sa paggamit ng wika. Makikita rin na nagagawa ng mga mag-aaral na iangkop ang wika sa kausap at sitwasyon, masuri ang kaibahan ng wikang ginagamit sa midya at akademikong sulatin, at makapagpahayag nang maayos at malaya, na nagpapakita ng matibay na pag-unawa sa wastong paggamit ng wika.

Ipinapakita sa Talahanayan 13 ang antas ng pagtuturo ng wika at kultura ayon sa paggamit ng lokal na wika. Batay sa kabuuang weighted mean na 4.57 at standard deviation na 0.61, makikita na ang antas ng pagtuturo sa aspektong ito ay lubhang mabisa ayon sa berbal na interpretasyon. Ibig sabihin, mataas ang pagtanggap at kakayahan ng mga mag-aaral sa paggamit ng lokal na wika bilang bahagi ng pagkatuto, lalo na sa pag-unawa at pagpapaliwanag ng mga konsepto sa klase.

Talahanayan 13.

Antas ng Pagtuturo ng Wika at Kultura Ayon sa Paggamit ng Lokal na Wika

Mga Pahayag	***Mean***	***SD***	***Mga Puna***
Naibibigay ang kahulugan ng mga salitang lokal na ginagamit sa klase.	4.59	0.57	Lubos na sumasang-ayon
Naiintindihan ang mga konsepto kapag ipinaliwanag gamit ang lokal na wika.	4.66	0.53	Lubos na sumasang-ayon
Nakakapagpaliwanag ng mga ideya gamit ang lokal na wika sa talakayan.	4.49	0.67	Lubos na sumasang-ayon
Nasusuri kung kailan mas epektibo ang paggamit ng lokal na wika sa pag-aaral.	4.58	0.62	Lubos na sumasang-ayon
Nakakagawa ng sariling halimbawa o paliwanag gamit ang lokal na wika.	4.54	0.67	Lubos na sumasang-ayon
Weighted Mean *SD* *Berbal na Interpretasyon*	4.57 0.61 Lubhang Mabisa		

Sa mga pahayag na kabilang sa talahanayan, ang "Naiintindihan ang mga konsepto kapag ipinaliwanag gamit ang lokal na wika" ang nakakuha ng pinakamataas na mean na 4.66. Nangangahulugan ito na mas nagiging malinaw at madaling maunawaan ng mga mag-aaral ang aralin kapag ginagamit ang lokal na wika sa pagpapaliwanag, kaya mas napapalalim ang kanilang pag-unawa sa mga paksa. Samantala, ang "Nakakapagpaliwanag ng mga ideya gamit ang lokal na wika sa talakayan" ang may pinakamababang mean na 4.49. Bagama't ito ay nasa kategoryang lubos na sumasang-ayon, ipinakikita nito na may ilang mag-aaral na mas nangangailangan pa ng dagdag na pagsasanay upang mas maging komportable at mas malinaw sa pagpapahayag ng ideya gamit ang lokal na wika.

Sa kabuuan, ipinakikita ng mga resulta na mataas ang antas ng pagtuturo ng wika at kultura pagdating sa paggamit ng lokal na wika. Makikita rin na nakatutulong ito sa pagbibigay-kahulugan sa mga salitang lokal, pagbuo ng sariling halimbawa, at pagsusuri kung kailan mas epektibo itong gamitin sa pag-aaral, na nagpapakita ng mahalagang papel nito sa mas makabuluhang pagkatuto ng mga mag-aaral.

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 12| Issue: 7| July 2026|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2026: 8.753 || ISI Value: 1.188

Talahanayan 14.

Antas ng Pagtuturo ng Wika at Kultura Ayon sa Kontekstong Kultural

Mga Pahayag	***Mean***	***SD***	***Mga Puna***
Natatandaan ang mga pangunahing kaugalian at tradisyon ng lokal na kultura.	4.61	0.60	Lubos na sumasang-ayon
Nalalaman ang mga kultural na pagpapahalaga na nakapaloob sa mga aralin.	4.59	0.60	Lubos na sumasang-ayon
Nakakapagpaliwanag ng mga konsepto gamit ang halimbawa mula sa kultura.	4.62	0.66	Lubos na sumasang-ayon
Naibibigay ang pagkakaiba ng sariling kultura sa iba pang kultura.	4.62	0.54	Lubos na sumasang-ayon
Nakakapag-ugnay ng iba't ibang kultural na karanasan upang makagawa ng bagong ideya	4.59	0.61	Lubos na sumasang-ayon
Weighted Mean *SD* *Berbal na Interpretasyon*	4.60 0.60 Lubhang Mabisa		

Ipinapakita sa Talahanayan 14 ang antas ng pagtuturo ng wika at kultura ayon sa kontekstong kultural. Batay sa kabuuang weighted mean na 4.60 at standard deviation na 0.60, makikita na ang antas ng pagtuturo sa aspektong ito ay lubhang mabisa ayon sa berbal na interpretasyon. Ibig sabihin, epektibo ang pagtuturo sa pagpapalawak ng kaalaman ng mga mag-aaral tungkol sa kaugalian, tradisyon, at pagpapahalagang kultural na nakapaloob sa kanilang mga aralin.

Sa mga pahayag na kabilang sa talahanayan, ang "Nakakapagpaliwanag ng mga konsepto gamit ang halimbawa mula sa kultura" at "Naibibigay ang pagkakaiba ng sariling kultura sa iba pang kultura" ang kapwa nakakuha ng pinakamataas na mean na 4.62. Nangangahulugan ito na mahusay ang mga mag-aaral sa paggamit ng mga halimbawang kultural upang ipaliwanag ang konsepto, gayundin sa pagtukoy ng pagkakaiba ng kanilang kultura sa iba, na nagpapakita ng malawak na pag-unawa sa kontekstong kultural. Samantala, ang "Nalalaman ang mga kultural na pagpapahalaga na nakapaloob sa mga aralin" at "Nakakapag-ugnay ng iba't ibang kultural na karanasan upang makagawa ng bagong ideya" ang may pinakamababang mean na 4.59. Bagama't ito ay nananatili sa kategoryang lubos na sumasang-ayon, ipinakikita nito na may ilang mag-aaral na mas nangangailangan pa ng mas malalim na pag-unawa at pag-uugnay ng kanilang mga karanasan upang makabuo ng bagong ideya mula sa mga araling kultural.

Sa kabuuan, ipinakikita ng mga resulta na mataas ang antas ng pagtuturo ng wika at kultura sa kontekstong kultural. Makikita rin na natatandaan ng mga mag-aaral ang mga kaugalian at tradisyon, natutukoy ang mga pagpapahalagang kultural sa aralin, at nagagamit ang kulturang lokal bilang batayan sa pag-unawa at pagpapaliwanag ng mga konsepto, na nagpapakita ng mas makabuluhang pagkatuto.

Talahanayan 15.

Antas ng Pagtuturo ng Wika at Kultura Ayon sa Pagkakakilanlan sa Kulturang Pilipino

Mga Pahayag	***Mean***	***SD***	***Mga Puna***
Nakikilala ang mga pangunahing bayani, tradisyon, at simbolo ng kulturang Pilipino.	4.77	0.50	Lubos na sumasang-ayon
Nauunawaan kung paano nakaugnay ang wika, sining, at panitikan sa ating kultura.	4.70	0.55	Lubos na sumasang-ayon
Nakakapagpaliwanag ang mga konsepto gamit ang mga halimbawa mula sa Kulturang Pilipino.	4.60	0.59	Lubos na sumasang-ayon
Naipagmamalaki ang pagiging Pilipino sa pang-araw-araw na gawain	4.69	0.57	Lubos na sumasang-ayon
Nakakabuo ng malikhaing gawain (alamat, sanaysay, proyekto) na nagpapakita ng Kulturang Pilipino.	4.60	0.60	Lubos na sumasang-ayon
Weighted Mean *SD* *Berbal na Interpretasyon*	4.67 0.56 Lubhang Mabisa		

Ipinapakita sa Talahanayan 15 ang antas ng pagtuturo ng wika at kultura ayon sa pagkakakilanlan sa kulturang Pilipino. Batay sa kabuuang weighted mean na 4.67 at standard deviation na 0.56, makikita na ang antas ng pagtuturo sa aspektong ito ay lubhang mabisa ayon sa berbal na interpretasyon. Ibig sabihin, mataas ang antas ng pagkakakilanlan ng mga mag-aaral sa kulturang Pilipino at malinaw ang pag-unawa nila sa ugnayan ng wika, sining, at panitikan sa paghubog ng kanilang kamalayang pambansa.

Sa mga pahayag na kabilang sa talahanayan, ang "Nakikilala ang mga pangunahing bayani, tradisyon, at simbolo ng kulturang Pilipino" ang nakakuha ng pinakamataas na mean na 4.77. Nangangahulugan ito na matibay ang kaalaman ng mga mag-aaral tungkol sa mahahalagang bahagi ng kulturang Pilipino, tulad ng mga bayani, tradisyon, at simbolo, na nagpapakita ng mataas na pagpapahalaga sa sariling identidad. Samantala, ang "Nakakapagpaliwanag ang mga konsepto gamit ang mga halimbawa mula sa Kulturang Pilipino" at "Nakakabuo ng malikhaing gawain (alamat, sanaysay, proyekto) na nagpapakita ng Kulturang Pilipino" ang kapwa may pinakamababang mean na 4.60. Bagama't ito ay nananatili sa kategoryang lubos na sumasang-ayon, ipinakikita nito na may ilang mag-aaral na mas nangangailangan pa ng mas maraming pagsasanay sa pagpapaliwanag at paglikha ng mga gawaing malikhaing nakabatay sa kulturang Pilipino.

Sa kabuuan, ipinakikita ng mga resulta na mataas ang antas ng pagtuturo ng wika at kultura pagdating sa pagkakakilanlan sa kulturang Pilipino. Makikita rin na nauunawaan ng mga mag-aaral ang ugnayan ng wika, sining, at panitikan sa kultura, naipagmamalaki ang pagiging Pilipino, at

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 12| Issue: 7| July 2026|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2026: 8.753 || ISI Value: 1.188

nagagawang ipakita ito sa kanilang pang-araw-araw na gawain, na nagpapatunay sa bisa ng pagtuturo sa aspektong ito.

Ipinapakita sa Talahanayan 16 ang antas ng pagtuturo ng wika at kultura ayon sa pagpapahalaga sa kultura. Batay sa kabuuang weighted mean na 4.68 at standard deviation na 0.57, makikita na ang antas ng pagtuturo sa aspektong ito ay lubhang mabisa ayon sa berbal na interpretasyon. Ibig sabihin, mataas ang pagpapahalaga ng mga mag-aaral sa kultura, lalo na sa pagpapanatili ng mga tradisyon at kaugalian na nagsisilbing bahagi ng kanilang pagkakakilanlan.

Talahanayan 16.

Antas ng Pagtuturo ng Wika at Kultura Ayon sa Pagpapahalaga sa Kultura

Mga Pahayag	***Mean***	***SD***	***Mga Puna***
Napahahalagahan ang tradisyon at kaugalian ng lokal na kultura.	4.72	0.57	Lubos na sumasang-ayon
Napagtutuunan ng pansin ang mahahalagang mga tradisyon sa pagpapanatili ng sariling pagkakakilanlan.	4.65	0.57	Lubos na sumasang-ayon
Naipapakita ang pagpapahalaga sa kultura sa pamamagitan ng pagsali sa mga aktibidad tulad ng pista, sayaw, o awit.	4.64	0.60	Lubos na sumasang-ayon
Nabibigyang-halaga ang kultura at naiuugnay sa modernisasyong kultura.	4.69	0.51	Lubos na sumasang-ayon
Naipakikita na ang kultura ay mahalagang bahagi ng pagkatao at dapat pangalagaan.	4.69	0.60	Lubos na sumasang-ayon
Weighted Mean *SD* *Berbal na Interpretasyon*	4.68 0.57 Lubhang Mabisa		

Ipinapakita sa Talahanayan 16 ang antas ng pagtuturo ng wika at kultura ayon sa pagkakakilanlan sa kulturang Pilipino. Batay sa kabuuang weighted mean na 4.67 at standard deviation na 0.57, makikita na ang antas ng pagtuturo sa aspektong ito ay lubhang mabisa ayon sa berbal na interpretasyon. Ibig sabihin, mataas ang antas ng pagkakakilanlan ng mga mag-aaral sa kulturang Pilipino at malinaw ang pag-unawa nila sa ugnayan ng wika, sining, at panitikan sa paghubog ng kanilang kamalayang pambansa.

Sa mga pahayag na kabilang sa talahanayan, ang "Napahahalagahan ang tradisyon at kaugalian ng lokal na kultura" ang nakakuha ng pinakamataas na mean na 4.72. Nangangahulugan ito na malinaw sa mga mag-aaral ang halaga ng mga tradisyon at kaugalian at nakikita nila ito bilang mahalagang bahagi ng kanilang kulturang kinagisnan. Samantala, ang "Naipapakita ang pagpapahalaga sa kultura sa pamamagitan ng pagsali sa mga aktibidad tulad ng pista, sayaw, o awit" ang may pinakamababang mean na 4.64. Bagama't ito ay nananatili sa kategoryang lubos na sumasang-ayon, ipinakikita nito na may ilang mag-aaral na mas madalang o mas limitado ang aktuwal na pakikilahok sa mga gawaing pangkultura kumpara sa iba pang pahayag.

Sa kabuuan, ipinakikita ng mga resulta na mataas ang antas ng pagtuturo ng wika at kultura pagdating sa pagpapahalaga sa kultura. Makikita rin na nagbibigay-halaga ang mga mag-aaral sa mga tradisyon, naiuugnay nila ang kultura sa makabagong panahon, at nauunawaan nila na ang kultura ay mahalagang bahagi ng kanilang pagkatao na dapat pangalagaan.

Antas ng Pagkatuto ng mga Mag-aaral Batay sa Pagsusulit

Sa pag-aaral na ito, ang antas ng pagkatuto ng mga mag-aaral ay tinukoy batay sa kanilang marka sa isinagawang pagsusulit. Sinusuri sa bahaging ito ang antas ng pagganap ng mga mag-aaral sa pamamagitan ng distribusyon ng puntos, bilang ng tumugon, bahagdan, at paglalalarawan ng marka upang makita ang kabuuang antas ng kanilang pagkatuto.

Inilalahad sa sumusunod na talahanayan ang resulta ng pagsusulit ng mga mag-aaral. Ipinakikita rito ang puntos, bilang ng mga mag-aaral, bahagdan, weighted mean, standard deviation, at berbal na interpretasyon upang mailarawan ang pangkalahatang antas ng kanilang pagganap.

Talahanayan 17.

Antas ng Pagkatuto ng mga Mag-aaral Batay sa Pagsusulit

Puntos	**Pagsusulit**		**Paglalarawan**
	F	**%**	
41 – 50	71	*34.30*	Natatangi
31 – 40	109	*52.66*	Lubhang Kasiya-siya
21 – 30	24	*11.59*	Kasiya-siya
11 – 20	3	*1.45*	Bahagyang Kasiya-siya
0 – 10	0	*0.00*	Hindi Naabot ang Inaasahan
Total	207	*100*	
Weighted Mean *SD* *Berbal na Interpretasyon*	*37.16* *6.14* *Lubhang Kasiya-siya*		

Ipinapakita sa Talahanayan 17 ang antas ng pagkatuto ng mga mag-aaral batay sa resulta ng pagsusulit. Makikita sa talahanayan na sa kabuuang 207 na mag-aaral, ang pinakamalaking bilang ay nasa antas na 31–40 na may 109 o 52.66%, na may paglalalarawang Lubhang Kasiya-siya. Ipinahihiwatig nito na higit sa kalahati ng mga mag-aaral ay nakapagtamo ng mataas na marka sa pagsusulit.

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 12| Issue: 7| July 2026|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2026: 8.753 || ISI Value: 1.188

Sumunod dito ang antas na 41–50 na may 71 o 34.30%, na may paglalalarawang Natatangi, na nagpapakita na marami ring mag-aaral ang nakakuha ng napakataas na marka. Samantala, may 24 o 11.59% na mag-aaral na nasa antas na 21–30 na may paglalalarawang Kasiya-siya, at may 3 o 1.45% na mag-aaral na nasa antas na 11–20 na may paglalalarawang Bahagyang Kasiya-siya.

Wala namang mag-aaral na napabilang sa antas na 0–10 o Hindi Naabot ang Inaasahan, na nangangahulugang lahat ng mag-aaral ay umabot o lumampas sa inaasahang pamantayan ng pagganap.

Batay sa kabuuang weighted mean na 37.16 at standard deviation na 6.14, makikita na ang pangkalahatang antas ng pagkatuto ng mga mag-aaral batay sa pagsusulit ay Lubhang Kasiya-siya ayon sa berbal na interpretasyon. Sa kabuuan, ipinakikita ng mga resulta na mataas ang pagganap ng mga mag-aaral sa pagsusulit, kung saan nangingibabaw ang mga nakakuha ng mataas hanggang sa napakataas na marka.

Kaugnayan ng Panitikang Lokal ng Calamba sa Pagtuturo ng Wika at Kultura

Sa pag-aaral na ito, sinuri ang makabuluhang kaugnayan ng Panitikang Lokal ng Calamba sa pagtuturo ng wika at kultura. Tinukoy sa bahaging ito kung may ugnayan ang Panitikang Lokal ng Calamba batay sa bahagi at katangian sa iba't ibang salik ng pagtuturo ng wika at kultura tulad ng kasanayan sa wika, paggamit ng wika, paggamit ng lokal na wika, kontekstong kultural, pagkakakilanlan sa kulturang Pilipino, at pagpapahalaga sa kultura.

Upang matukoy ang makabuluhang kaugnayan ng mga baryabol, ginamitan ito ng Pearson Product-Moment Correlation Coefficient sa pamamagitan ng Real Statistics Data Analysis Tools.

Ipinapakita sa Talahanayan 19 ang makabuluhang kaugnayan ng Panitikang Lokal ng Calamba sa iba't ibang salik ng pagtuturo ng wika at kultura gamit ang Pearson Product-Moment Correlation.

Makikita na ang mga bahagi ng panitikang lokal tulad ng layunin, paksa, pagsasanay, pagtataya, at repleksyon ay may makabuluhang positibong ugnayan sa lahat ng salik sapagkat ang lahat ng p-value ay mas mababa sa 0.05.

Dahil ang lahat ng p-value ay .000 na mas mababa sa itinakdang antas ng kabuluhan na 0.05, tinatanggihan ang hinuha o null hypothesis na "Walang makabuluhang kaugnayan ang Panitikang Lokal ng Calamba sa Pagtuturo ng Wika at Kultura." Samakatuwid, may makabuluhang kaugnayan ang Panitikang Lokal ng Calamba sa pagtuturo ng wika at kultura.

Talahanayan 18.

Kaugnayan ng Panitikang Lokal ng Calamba sa Pagtuturo ng Wika at Kultura

Panitikang Lokal		**Kasanayan sa Wika**	**Paggamit ng wika**	**Paggamit ng lokal na wika**	**Kontekstong kultural**	**Pagkakakilanlan sa kulturang Pilipino**	**Pagpapahalaga sa Kultura**
Layunin	Pearson Correlation	.599**	.591**	.605**	.598**	.518**	.528**
	Sig. (2-tailed)	.000	.000	.000	.000	.000	.000
	N	207	207	207	207	207	207
Paksa	Pearson Correlation	.642**	.632**	.642**	.561**	.569**	.491**
	Sig. (2-tailed)	.000	.000	.000	.000	.000	.000
	N	207	207	207	207	207	207
Pagsasanay	Pearson Correlation	.580**	.530**	.566**	.498**	.455**	.443**
	Sig. (2-tailed)	.000	.000	.000	.000	.000	.000
	N	207	207	207	207	207	207
Pagtataya	Pearson Correlation	.651**	.614**	.676**	.527**	.483**	.450**
	Sig. (2-tailed)	.000	.000	.000	.000	.000	.000
	N	207	207	207	207	207	207
Repleksyon	Pearson Correlation	.571**	.626**	.577**	.521**	.537**	.513**
	Sig. (2-tailed)	.000	.000	.000	.000	.000	.000
	N	207	207	207	207	207	207

Para sa layunin, natuklasan na may makabuluhang ugnayan ito sa kasanayan sa wika (r = .599, p = .000), paggamit ng wika (r = .591, p = .000), paggamit ng lokal na wika (r = .605, p = .000), kontekstong kultural (r = .598, p = .000), pagkakakilanlan sa kulturang Pilipino (r = .518, p = .000), at pagpapahalaga sa kultura (r = .528, p = .000). Ipinapahiwatig nito na ang malinaw na layunin ay nakatutulong sa pagpapaunlad ng iba't ibang aspekto ng pagkatuto sa wika at kultura.

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 12| Issue: 7| July 2026|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2026: 8.753 || ISI Value: 1.188

Para sa paksa, makikita rin ang makabuluhang ugnayan nito sa kasanayan sa wika (r = .642, p = .000), paggamit ng wika (r = .632, p = .000), paggamit ng lokal na wika (r = .642, p = .000), kontekstong kultural (r = .561, p = .000), pagkakakilanlan sa kulturang Pilipino (r = .569, p = .000), at pagpapahalaga sa kultura (r = .491, p = .000). Ipinapakita nito na ang angkop at makabuluhang paksa ay may mahalagang papel sa paglinang ng kasanayan sa wika at kamalayang kultural.

Para sa pagsasanay, natuklasan na may makabuluhang ugnayan ito sa kasanayan sa wika (r = .580, p = .000), paggamit ng wika (r = .530, p = .000), paggamit ng lokal na wika (r = .566, p = .000), kontekstong kultural (r = .498, p = .000), pagkakakilanlan sa kulturang Pilipino (r = .455, p = .000), at pagpapahalaga sa kultura (r = .443, p = .000). Ipinapahiwatig nito na ang mga gawaing pagsasanay ay nakatutulong sa pagpapalalim ng pagkatuto at pag-unawa ng mga mag-aaral sa wika at kultura.

Para sa pagtataya, makikita ang makabuluhang ugnayan nito sa kasanayan sa wika (r = .651, p = .000), paggamit ng wika (r = .614, p = .000), paggamit ng lokal na wika (r = .676, p = .000), kontekstong kultural (r = .527, p = .000), pagkakakilanlan sa kulturang Pilipino (r = .483, p = .000), at pagpapahalaga sa kultura (r = .450, p = .000). Ipinapakita nito na ang angkop na pagtataya ay mahalaga sa pagsukat at pagpapaunlad ng kasanayan ng mga mag-aaral.

Para sa repleksyon, natuklasan na may makabuluhang ugnayan ito sa kasanayan sa wika (r = .571, p = .000), paggamit ng wika (r = .626, p = .000), paggamit ng lokal na wika (r = .577, p = .000), kontekstong kultural (r = .521, p = .000), pagkakakilanlan sa kulturang Pilipino (r = .537, p = .000), at pagpapahalaga sa kultura (r = .513, p = .000). Ipinapahiwatig nito na ang repleksyon ay nakatutulong sa pagpapalalim ng pag-unawa at pagpapahalaga ng mga mag-aaral sa wika at kultura.

Sa kabuuan, pinatutunayan ng mga resulta na ang Panitikang Lokal ng Calamba sa aspeto ng mga bahagi nito ay may mahalagang ugnayan sa pagtuturo ng wika at kultura at nakatutulong ito sa paglinang ng kakayahang pangwika at sa pagpapalalim ng kamalayang pangkultura ng mga mag-aaral.

Epekto ng Panitikang Lokal ng Calamba sa Pagkatuto ng mga Mag-aaral

Sa pag-aaral na ito, sinuri ang makabuluhang epekto ng Panitikang Lokal ng Calamba sa pagkatuto ng mga mag-aaral batay sa kanilang resulta sa pagsusulit. Tinukoy sa bahaging ito kung may tuwirang ambag ang mga bahagi ng modyul sa antas ng pagkatuto ng mga mag-aaral.

Upang matukoy ang makabuluhang epekto ng mga baryabol, ginamitan ito ng Multiple Regression Analysis sa pamamagitan ng Real Statistics Data Analysis Tools.

Ipinapakita sa Talahanayan 20 ang makabuluhang epekto ng Panitikang Lokal ng Calamba batay sa bahagi ng modyul (layunin, paksa, pagsasanay, pagtataya, at repleksyon) sa pagkatuto ng mga mag-aaral gamit ang multiple regression analysis. Batay sa resulta, makikita na ang kabuuang modelo ay hindi makabuluhan sapagkat ang Significance of F = 0.94 ay mas mataas sa itinakdang antas ng kabuluhan na 0.05. Ipinahihiwatig nito na sa kabuuan, ang mga bahagi ng modyul ay walang makabuluhang epekto sa pagkatuto ng mga mag-aaral batay sa pagsusulit.

Talahanayan 19.

Epekto ng Panitikang Lokal ng Calamba sa Pagkatuto ng mga Mag-aaral

Predictor Variables	Regression Coefficient		t	p-value	Remarks
	B	β			
Constant	38.76		8.20	0.00	Significant
Layunin	1.03	0.08	0.81	0.42	Not Significant
Paksa	0.43	0.04	0.41	0.68	Not Significant
Pagsasanay	0.27	0.09	0.18	0.86	Not Significant
Pagtataya	0.02	0.00	0.02	0.99	Not Significant
Repleksyon	0.71	0.06	0.50	0.62	Not Significant
R	0.08				
R^2	0.01				
Adjusted R^2	0.12				
F	0.25				
Significance of F	0.94				

Dahil mas mataas ang p-value kaysa sa 0.05, hindi tinatanggihan ang null hypothesis na “Walang makabuluhang epekto ang Panitikang Lokal ng Calamba batay sa bahagi sa pagkatuto ng mga mag-aaral.” Samakatuwid, walang sapat na batayan upang patunayan na nakaaapekto ang layunin, paksa, pagsasanay, pagtataya, at repleksyon sa pagkatuto ng mga mag-aaral.

Makikita rin sa talahanayan na ang bawat predictor variable ay may p-value na mas mataas sa 0.05, kaya’t lahat ay hindi makabuluhan: layunin (p = 0.42), paksa (p = 0.68), pagsasanay (p = 0.86), pagtataya (p = 0.99), at repleksyon (p = 0.62). Ipinapakita nito na wala ni isang bahagi ng modyul ang may natukoy na tiyak at tuwirang epekto sa pagkatuto ng mga mag-aaral batay sa resulta ng pagsusulit.

Dagdag pa rito, ang R = 0.08 ay nagpapakita ng napakahinang ugnayan sa pagitan ng mga bahagi ng modyul at pagkatuto. Ang R^2 = 0.01 naman ay nangangahulugan na tinatayang 1% lamang ng pagbabago sa pagkatuto ng mga mag-aaral ang maaaring maipaliwanag ng mga predictor variables sa modelo, habang ang natitirang porsyento ay maaaring dulot ng iba pang salik na hindi saklaw ng pag-aaral.

Sa kabuuan, ipinakikita ng mga resulta na bagama’t mataas ang antas ng pagiging mabisa ng Panitikang Lokal ng Calamba batay sa bahagi ng modyul, hindi ito nagpakita ng

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 12| Issue: 7| July 2026|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2026: 8.753 || ISI Value: 1.188

makabuluhang epekto sa pagkatuto ng mga mag-aaral batay sa pagsusulit.

Ipinapakita sa Talahanayan 20 ang makabuluhang epekto ng Panitikang Lokal ng Calamba batay sa katangian ng modyul (kaangkupan, kalinawan, hikayat sa paggamit, teknikal na pormat, at disenyo) sa pagkatuto ng mga mag-aaral gamit ang multiple regression analysis. Batay sa resulta, makikita na ang kabuuang modelo ay hindi makabuluhan sapagkat ang Significance of F = 0.70 ay mas mataas sa itinakdang antas ng kabuluhan na 0.05. Ipinahihiwatig nito na sa kabuuan, ang mga katangian ng modyul ay walang makabuluhang epekto sa pagkatuto ng mga mag-aaral batay sa pagsusulit.

Talahanayan 20.
Epekto ng Panitikang Lokal ng Calamba Batay sa Katangian sa Pagkatuto ng mga Mag-aaral

Predictor Variables	Regression Coefficient		t	p-value	Remarks
	B	β			
Constant	35.38		7.44	0.00	Significant
Kaangkupan	0.05	0.00	0.03	0.97	Not Significant
Kalinawan	1.34	0.10	0.78	0.43	Not Significant
Hikayat sa Paggamit	1.79	0.14	1.30	0.19	Not Significant
Teknikal na Pormat	0.92	0.07	0.58	0.56	Not Significant
Disenyo	0.89	0.07	0.61	0.54	Not Significant
R	0.12				
R^2	0.01				
Adjusted R^2	0.01				
F	0.60				
Significance of F	0.70				

Dahil mas mataas ang p-value kaysa 0.05, hindi tinatanggihan ang null hypothesis na "Walang makabuluhang epekto ang Panitikang Lokal ng Calamba batay sa katangian sa pagkatuto ng mga mag-aaral." Samakatuwid, walang sapat na batayan upang patunayang may epekto ang kaangkupan, kalinawan, hikayat sa paggamit, teknikal na pormat, at disenyo sa pagkatuto ng mga mag-aaral.

Makikita rin sa talahanayan na ang bawat predictor variable ay may p-value na mas mataas sa 0.05, kaya't lahat ay hindi makabuluhan: kaangkupan (p = 0.97), kalinawan (p = 0.43), hikayat sa paggamit (p = 0.19), teknikal na pormat (p = 0.56), at disenyo (p = 0.54). Ipinapakita nito na wala ni isang katangian ng modyul ang may natukoy na tiyak at tuwirang epekto sa pagkatuto ng mga mag-aaral batay sa marka sa pagsusulit.

Dagdag pa rito, ang R = 0.12 ay nagpapakita ng napakahinang ugnayan sa pagitan ng mga katangian ng modyul at pagkatuto. Ang R^2 = 0.01 naman ay nangangahulugan na tinatayang 1% lamang ng pagbabago sa pagkatuto ng mga mag-aaral ang maaaring maipaliwanag ng mga predictor variables, habang ang natitirang porsyento ay maaaring dulot ng iba pang salik na hindi saklaw ng pag-aaral.

Sa kabuuan, ipinakikita ng mga resulta na bagama't mataas ang antas ng pagiging mabisa ng Panitikang Lokal ng Calamba batay sa katangian ng modyul, hindi ito nagpakita ng makabuluhang epekto sa pagkatuto ng mga mag-aaral batay sa pagsusulit.

4. KONKLUSYON AT REKOMENDASYON

Sa pamamagitan ng mga inilahad na kinalabasan ng pag-aaral, humantong sa pagbuo ng mga sumusunod na konklusyon ang mananaliksik sa pagsasagawa nito.

Malinaw na may makabuluhang kaugnayan ang paggamit ng Panitikang Lokal ng Calamba sa pagtuturo ng wikang at kultura kung kaya't ang haypotesis na walang makabuluhang kaugnayan ay hindi tinatanggap. Samakatuwid, ang paggamit ng Panitikang Lokal ng Calamba sa pagtuturo ng wika at kultura ay nagtataguyod ng holistikong pagkatuto—isang proseso na nakasentro sa mag-aaral, nakaugat sa lokal na karanasan, at nakatuon sa pagpapalalim ng kaalaman at pagpapahalaga sa wika at kulturang Pilipino.

Gayundin, napatunayan na walang makabuluhang epekto ang Panitikang Lokal ng Calamba sa pagkatuto ng mga mag-aaral batay sa pagsusulit ay tinanggap. Nangangahulugangp ang paggamit ng panitikang lokal ay hindi nagdulot ng malinaw na pagbabago o pagtaas sa antas ng pagkatuto ng mga mag-aaral. Sa ganitong kalagayan, ang panitikang lokal ay maaaring nagkaroon ng papel bilang karagdagang materyal, ngunit hindi ito naging sapat na salik upang makaimpluwensiya nang direkta sa kanilang pagganap sa pagsusulit.

Ipinakikita lamang nito na ang epekto ng panitikang lokal ay mas nakikita sa ibang aspeto ng pagkatuto—tulad ng pagpapalalim ng kamalayang kultural, paghubog ng identidad, at pagpapahalaga sa sariling wika—na hindi agad nasusukat sa pamamagitan ng tradisyonal na pagsusulit. Nananatiling bukas ang posibilidad na ang panitikang lokal ay may mas malawak na impluwensya sa ibang dimensyon ng pagkatuto ng mga mag-aaral.

Mga Rekomendasyon

Batay sa mga konklusyong nabuo mula sa mga natuklasan ng pag-aaral, inirerekomenda ang mga sumusunod:

1. Iminumungkahi sa mga guro sa Filipino na ipagpatuloy at higit pang paunlarin ang paggamit ng Panitikang Lokal ng Calamba bilang kagamitang panturo sapagkat napatunayang may makabuluhang kaugnayan at epekto ito sa pagtuturo ng wika at kultura at sa pagkatuto ng mga mag-aaral. Mainam ding isama ito sa iba't ibang gawaing pampagkatuto upang higit na mapalalim ang pag-unawa ng mga mag-aaral.

2. Inirerekomenda na hikayatin ang mga mag-aaral na maging mas aktibo sa pakikilahok sa mga talakayan, gawaing pampanitikan, at gawaing pangkultura na may kaugnayan sa lokal na panitikan upang higit na malinang ang kanilang

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 12| Issue: 7| July 2026|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2026: 8.753 || ISI Value: 1.188

kasanayan sa wika, pagpapahalaga sa kultura, at akademikong pagganap.

3. Iminumungkahi sa tagapangasiwa ng paaralan at administrador na maaaring maglaan ng suporta sa pagbuo, paglilimbag, at implementasyon ng mga lokal na modyul at kagamitang panturo na nakabatay sa Panitikang Lokal ng Calamba upang higit na maisulong ang lokalisasyon at kontekstuwalisasyon ng kurikulum.

4.Inirerekomenda sa mga susunod na mananaliksik na maaaring magsagawa ng kaugnay na pag-aaral gamit ang mas malawak na saklaw ng respondente, iba pang lokalidad, at karagdagang baryabol gaya ng motibasyon, pakikilahok, at pagganap sa performance tasks upang higit na mapagtibay ang epekto ng panitikang lokal sa edukasyon.

SANGGUNIAN

Rahim, F. R., Suherman, D. S., & Muttaqiin, A. (2020). Exploring The Effectiveness Of E-Book For Students On Learning Material: A Literature Review. Journal Of Physics: Conference Series, 1481(1), 012105. IOP Publishing. Https://Doi.Org/10.1088/1742-6596/1481/1/012105 (Doi.Org In Bing)

Salazar, Z. A. (2016). Pantayong pananaw at panitikan. Lathalaang Bagong Kasaysayan.